

SA KABILA NG TABING NG PANAHOON



Nais kong ipabatid dito na ang inyong mga panalangin ay tinugon na, sa mga pagtitipon na idinaos natin noong nagsisimula pa lang ako sa pagmiministryo, maraming taon na ang nagdaan. Hindi pa ako kahit kailan. . . Hindi natin mapaupo ang mga tao. At nag-aarkila tayo ng malalawak na dako sa labas at lahat na, marami pang espasyo dun hanggang alas tres, para punuin ang lugar. Kailangan lang nilang isarado ang mga pasukan, hindi na pinapapasok ang mga tao. Pagkatapos mga alas siyete pa ang dating namin dun. Kita n'yo? Libo-libo mismo ang dumadagsa mula sa lahat ng lugar. Sadyang. . .

² At kinuha ko ang huling limang gabi ng huling pagtitipon, at sadyang naglatag sa palibot ng Salita, unti-unting napagtatanto ang kapangyarihan na taglay ng Salita. Kita n'yo? Dahil, ang Salita ay Diyos. Kita n'yo? “Nang pasimula ay ang Salita, ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin.”

³ Ngayon, sinabi naman ng Mga Hebreo 4, na, “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa sa isang tabak na may dalawang talim.” Kita n'yo? “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas, na bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng buto, at tumataga, at isang kumikilala ng mga haka ng isip, ng puso.” Kita n'yo? Yan mismo, ang Salita ng Diyos.

⁴ Pagkatapos kung may kaloob na kung saan maipapahinga natin ang sarili natin; at ang Salita, Mismo, na si Cristo, na Siya ang Salita, ay pumarito sa atin, at tatalastasin ang mga haka ng isip, gaya ng nasaksihan n'yo na. Kita n'yo? Kahanga-hanga po. Pagkatapos, ang makita ang bagay na ginawa Niya at ang paraan ng pagpapala Niya sa atin! At pagkatapos ang. . .

⁵ Haya't, pakiramdam ko, sa paglalalatag nito sa palibot ng Salita nang apat na gabi, na pauupuin mismo ang mga tao nang tahimik, at pagkatapos magpahinga lang sila, at tatawagin ng Espiritu Santo ang mga tao at gagawa ng mga bagay sa mga tagapakinig.

⁶ At pagkatapos, sa huling gabi, huling Linggo ng hapon, nakita ko ang isa sa pinaka dakilang pila para sa pananalangin na nakita ko sa Amerika. Kita n'yo? Sila'y. . . Pinapunta ko si Billy dun na may sandaang card, at si Gene na may sandaan, at si Leo na may sandaan din, at si Roy na may sandaan, ipinamigay ang lahat ng mga card, mga nasa limangdaan. At pagkatapos noong makita nila ang Salita na umangkla, at ang

bagay na ginagawa Nito, pagkatapos nanatili lang sa Salita, habang papalapit sila roon sa entablado. At nakita ko ang mga kalalakihan at mga kababaihan na itinatapon na nila ang kanilang mga saklay, at kung ano pa, at gumaling bago pa sila makarating dun sa entablado, para makita. Kita n'yo? Ang Salita ng Diyos ay talagang nagpamalas dun, sa buong dako mismo, at inilagak ang Sarili Nito sa limang Pagmemensahe, o apat na Pagmemensahe, sa kanilang mga puso, hanggang sa sinampalatayanan nila Ito nang buong puso nila. Ang bagay lang na kailangan nilang gawin, ay magkaroon ng kung anong munting pakikiugnay, kita n'yo, bagay na ganoon, at 'yun ay naging realidad mismo. At pagkatuntong na pagkatuntong nila sa entablado na 'yun, sila'y pinagagaling mismo sa ibabaw ng entab- . . . bago mismo sila makadaan sa entablado.

⁷ Naniniwala ako, ang kapatid dito, kilala n'yong lahat si Kapatid na Ed, si Kapatid na Ed Hooper. Hindi po ba? Kayo na mga taga-Arkansas, mga taga-roon? Kanyang nakatagpo. . . Siya'y kasa-kasama ko noong unang mga bahagi ng una kong pagmiministeryo. Ang sabi niya, "Parang tulad nga ito noong araw," sabi niya, "noong panahon na ang mga ito'y tulad nito noon, maraming taon na ang nakalipas."

⁸ At may mga tao na may mga tumor na—na parang *ganoon*, bumaling dun, gumaling. Mga bulag, bingi, pipi, lahat na ng uri ng mga bagay na ginawa ng ating Panginoon. Ni hindi kailangang hipuin ang mga tao. Ang Salita na ipinahahayag ay siyang nagpapangyari nun mismo.

⁹ Pagkatapos binigyan ako ng Diyos ng isang Mensahe na nais kong ipangusap sa iglesya, sa susunod, kapag nakabalik na ako, kapag nagkaroon ng pagkakataon. Ako'y masyado pang abala. Ngayon luluwas po uli ako, bukas, hinihintay lang ang binibini na ito na dumating. At maging noong kababalik ko lang ng maleta ko sa bahay, mayroon nang naghihintay roon. At hindi pa ako nakakaupo, halos. Kita n'yo? Hindi ko pa nakakausap ang pamilya ko mula nung pagdating ko. Kita n'yo? At talagang—talagang nakakapagod. At heto't humihingi ako sa inyong lahat ng panalangin para sa akin, din, na tulungan ako ng Panginoon na makapagpatuloy.

¹⁰ Ngayon . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Nakikita ko ang kapatid natin dito, na sadyang, sadyang may sakit, nakaratay sa banig dito. At tayo . . .

¹¹ May parating, maya-maya, para sunduin kami, para pumunta sa Louisville. Nais kong alalahanin n'yo ang pananalangin, din, para sa isang kalugud-lugod na kabataang binibini, na, siya'y mga labing-walong taong gulang. Siya'y kambal, at isang Cristianong babae na nagi-eskuwela. At ang ibang mga dalaga'y pinag-uusapan siya, alam n'yo, ang dalawang dalagitang 'yun, at pinagkukuwentuhan kung paano

sila, 'yung bahagi ng buhay na hindi nila natatamasa, at kung papaanong dapat ay mamuhay sila na tulad ng iba pang mga dalaga. At 'yung isang dalagita'y kaya niyang ipagsawalang-pansin 'yun. Yung isa naman pong ito'y may kung anong palagay, at talagang sumama ang loob niya dahil dun, at tuloy lumala siya nang lumala, at talagang lumalala, at nag-aalala nang husto tungkol dun. At sa huli'y nagkaroon siya ng depresyon sa isip. At sila . . . Nasa isang ward siya para sa mga may sakit sa pag-iisip. Ang tatay at nanay niya ay papunta, na roon, mula Crandall, Indiana, sa institusyon na ito kung saan nila siya sinisikap na dalhin, papunta sila ng Madison, bukas.

¹² Ngayon, ang—ang dalagita, walang pisikal na pinsala sa dalagita. Siya . . . Wala nga, sa pisikal. Ganap siyang malusog. Pero napakahirap ipaliwanag. At hindi ito kayang maipaliwanag. Kung ano nga ito, haya't ang kanyang espiritu ay nawala sa lugar. Kita n'yo? Kaya, kailangan mong—kailangan mong tuntunin ang kanyang espiritu at ibabalik ito sa lugar. Kita n'yo? May . . .

¹³ Gaya ng, naipangusap na natin ang bagay na ito rito, mga ilang sanlinggo na ang nakararaan, kung papaano gumagana ang katawan ng tao. Kung papaanong may limang pandama na dadaanan mo papasok ng katawan, at pagkatapos may limang lagusan na pantawag natin dito. Limang lagusan, katulad ng—ng konsiyensya, imahinasyon, at iba pa, para makapasok sa kaluluwa. At pagkatapos kapag pinasok n'yo ang espiritu, may isang lagusan lang doon, at 'yun ay sa pamamagitan ng sariling-kalooban, na naroon na sa kanya noong nilikha ang tao.

¹⁴ Alinman sa tatanggapin mo Ito, o ipagsasawalang-bahala mo Ito. Alinman sa tatanggapin mo si Cristo bilang Tagapagligtas, o ipagsasawalang-bahala mo Siya. At nasa tabi ka pa rin ng Punongkahoy na 'yun, 'yung isa na 'yun ay sa Buhay at 'yung isa'y sa kamatayan. Bawat tao'y naroon sa harapan ng Punongkahoy na 'yan, o kung hindi'y magiging di makatarungan ang Diyos na ilalagay ang isa roon, at pagkatapos hindi bibigyan ang iba ng pantay na pagkakataon para—para pumili ng tama o mali. At bawat isa sa atin ay may ganoong pagkakataon.

¹⁵ Gayundin, diyan, sa espiritu, tayo'y maaaring pagalingin, o maaari rin tayong di gumaling. Ngayon, hindi 'yan dahil na walang . . . na hindi tayo pinagaling batay sa Diyos. Tayo nga'y pinagaling na. Dahil ang tipan ay walang kondi-kondisyon. At Kanyang binili na ang ating kagalingan. Kaya naman, ang ating kagalingan ay—ay ukol sa atin. Ito'y sa atin na. Ngayon, ito'y alinman sa pipiliin natin ang lagusan na *ito*, para sampalatayanan ito; o itong lagusan na *ito*, na sadyang di sasampalatayanan ito. Ngayon, may isang daan lamang na tayo'y makakalakad papunta sa Presensya ng Diyos.

¹⁶ Ngayon, ang bata na ito, kalugud-lugod, ang kanyang nanay ay isang kaibigang babae. Ako, ang aking . . . Oh, dati'y kaibigan kong babae. Siya'y isang kalugud-lugod na munting binibini, lumaki sa isang tunay na istriktong Nazarene na tahanan, munting kalugud-lugod na ginang. At may kalugud-lugod siyang asawang lalaki. Kilala ko ang lalaki, rin, kilalang-kilala, ang lalaki na napangasawa niya. At ang ginang nga'y sadyang. . . Pinalaki nila ang mga bata para paglingkuran ang Panginoon, at ipinasok sila sa eskuwelahan. At sila'y talagang nakatatag kay Cristo, na di gagawin ang mga bagay na mali. Pero heto't nangyari ito.

¹⁷ Balisang-balisa siya noon gaya noong ako'y . . . Tumingin ako pansumandali, at tumingin ako uli sa munting batang lalaki, na may ganoon ding kalagayan, mismo. At doon sa . . . Pumunta kami roon isang gabi, kina Kapatid na Wright, at si Orville ay sadyang—sadyang balisang-balisa. At kanyang, alam n'yo, mangyari na gusto niya akong paalisin ng bahay; haya't si Orville nga't ako'y mainam na magkaibigan, na ako ay para nang isang tatay sa kanya. Ako ang nagkasal ng kanyang tatay at nanay, noon. Haya't lumundag siya't sumigaw, "Lumayas ka rito! Lumayas ka rito! Lumayas ka rito!" Kita n'yo?

¹⁸ Ngayon, ang kailangan naming gawin dun ay dumako sa espiritu at tuntunin ang espiritu ng kabataang lalaki. Kita n'yo? Grabeng tindi na pighati ang dumapo sa kanyang munting puso. Batang-bata siya, at napakarami na niyang nasaksihan. At sadyang ipinanumbalik siya sa dako na dapat niyang paglagyan. Kita n'yo? Pagkalipas ng ilang araw, siya'y—siya'y maayos na ang kalagayan.

¹⁹ Ngayon, ganyan din ang bagay na kailangan n'yong gawin dito. Nasaksihan ko ito, at alam ko na totoo ito. Pero ngayon, sadyang . . . Ako'y—ako'y humihiling sa inyong lahat na manalangin ngayon, na—na tulungan ako ng Diyos na tuntunin ang munting dalagita na ito. Doon sa dako, na di niya alam kung nasaan siya, at pagkatapos ay dalhin siya pabalik sa dako niya. Ang lagusan na 'yan ay tumutugaygay sa pananampalataya. Kita n'yo, hindi siya makapagkamit ng pananampalataya sa ganang sarili niya. Hindi niya kasi alam kung nasaan siya, o kung ano. Kita n'yo? Ito—ito'y mangangailangan ng pananampalataya natin dito.

²⁰ At ngayon, diyan, 'yang kapangyarihan na 'yan ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, na Siya'y nagkaloob sa atin ng oportunidad. Diyan, kayo, sa isang paraan, tinatagos ng Salita ng Diyos ang makasalanan. At kinakailangan Nitong dumako lampas sa pangangaral ng Salita na ipinapahayag. Yan ang dahilan kung bakit nais kong mangusap nang kaunti sa umagang ito bago manalangin para sa mga maysakit. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

21 Naalala n'yo 'yung pangitain, hindi pa katagalan, na ibinigay sa akin ng Panginoon, tungkol sa pagtanaw doon sa kabilang Ibayo? Naalala n'yo 'yung umaga na 'yun noong nagpapatotoo ako tungkol sa nakita ko ang kabilang Ibayo? Buweno, totoo 'yun.

22 At 'yung *Voice* ng Full Gospel Businessmen ay naglathala nung artikulo na 'yun, at inilagay 'yung litrato sa likod ng pahina rito. At may kaunting parang isiningit dun sa ibaba rito, isang munting bahagi sa ibaba, na sinasabi ang tungkol sa pagmiministryo. Haya't, ito'y internasyunal na pahayagan na inilimbag sa maraming iba't ibang lingguwahe. At nilaan nila ang harapang pahina, at 'yung unang pahina, para sa pangitain na 'yun. Kita n'yo?

23 At mayroon ako rito, at umaasa ako na kukuha kayo ng isa, at para mabasa n'yo. At tumayo lang po... hindi ko lang alam kung ilan ang pupunta, na mga kapatid, ngayong umaga. At kayo, pagkatapos, kung mangyari man na hindi kayo mabigyan, buweno, pumunta lang kayo sa opisina. Mayroon sila nun dun sa opisina. At nabigyan tayo ng isang bulto nun, tungkol sa: "Magpatuloy ka lang." Kita n'yo? At 'yun lang ang nasa puso ko. Ang tanging naririnig ko, ay, "Magpatuloy ka lang." Doon sa kabilang ibayo ng—ng ilog ay may—may mas maiging Lupain. At magpatuloy lamang tayo hanggang sa makarating tayo sa Lupain na 'yun.

24 Ngayon, sa palagay ko may paghahandog sila rito ng munting anak nina Kapatid na lalaking Stricker at Kapatid na babaing Stricker. Kaya sila'y...

25 Ilan na ba sila ngayon, Kapatid na babaing Stricker? [Sinasabi ni Kapatid na babaing Stricker, "Anim."—Pat.] Anim na mumunting bata. Kalugud-lugod na munting pamilya.

26 At heto po't sila ay...mga misyunero namin dun sa—sa Aprika, nito-nito lang, na nakabalik. At ang lahat ng mga anak nila'y maliliit pa. At nakikita ko ang isang ito, rin, habang dinadala nila siya rito ngayong umaga para sa isang gawaing paghahandog.

27 Nasaan si Teddy? Teddy, maaari ka bang dumako rito sa piyano, pansumandali, anak? At—at sige't awitin natin 'yung awit natin, isang munting awit, alam n'yo, 'yung munting awit na 'yun, siguro'y, umawit tayo, *Bring Them In*. Tama ba? "Dalhin sila mula sa kaparangan ng kasalanan."

28 At 'yan, ang dahilan kung bakit natin pinatutugtog ito, dahil para tayo, nang buong makakaya natin, na mga magulang, na madala sila para maihandog. Inihahandog natin sila sa Panginoon at dinadala sila sa loob habang sila'y mga sanggol pa lang, nang sa gayon ay di sila magpalaboy sa dako ng kaparangan ng kasalanan. *Bring Them In*. Atin ngang...

Kabisado mo ba 'yun, Teddy? Sige't awitin natin ang isang talata nito ngayon.

Bring them in, bring them in,
Bring them in from the fields of sin;
Bring them. . .

Kung may isa pa, sige po, dalhin n'yo lang dito.

Bring the little ones to Jesus.
Bring them in, bring them in,
Bring them in from the fields of sin;
Bring them in, bring them in,
Bring the wandering ones to Jesus.

²⁹ Kapatid na lalaking Stricker at Kapatid na babaing Stricker, napagtatanto ko na nalalaman n'yo ang ibig sabihin ng awitin na 'yan, na "dalhin sila," ang nagniningas na pagnanais ay nariyan sa puso n'yo, na sikaping dalhin ang naliligaw kay Jesus. Ang inyong munting anak na sanggol, kung ito man ay mamatay bago ito maihandog, o kung ano, ito'y ligtas, ano't anuman, dahil ang Dugo ni Jesus Cristo'y ginawa na 'yan doon sa Kalbaryo. Pero bilang paggunita sa Kanyang dakilang lakbayin sa lupa, noong Kanyang ipatong ang Kanyang mga kamay sa maliliit na bata at nagsabi, "Hayaan n'yo silang makalapit sa Akin," 'yan ang dahilan kung bakit dinadala n'yo ang sanggol sa umagang ito. At inilalagay ang tiwala sa amin, na kami'y makakapanalangin ng isang pananalangin ng pananampalataya, para sa munting isa na ito, sa paghahandog ng buhay nito sa Diyos.

³⁰ Ano pong pangalan niya? [Sinabi ng tatay, "Marilyn Madge Stricker."—Pat.] Marilyn Madge, Marilyn Madge Stricker. Ilang taon na siya? [Sinabi ng nanay, "Labing-tatlong buwan na."] Labing-tatlong buwan. Ipinanganak sa Aprika, tama ba? ["Opo."] Buweno, mangyari nawa, na kung may bukas pa, nawa ang munting bata na ito'y maging isang misyunero sa dako roon, sa dako ng pagmimisyon kung saan siya ipinanganak. At isang—isang kalugud-lugod na munting bata. Maaari po ba kayong pumunta rito, Kapatid na Neville?

³¹ At, si Marilyn. Oh, naku! Gustong-gusto ko talaga itong maliliit na mga sanggol na ito. Hindi ba't ang ganda ng munting batang ito? Kumusta ka? Kumusta ka? Iyuko po natin ang ating mga ulo. Nais ko, na ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa kanya.

³² Aming Makalangit na Ama, dinadala po namin sa Iyo ang munting Marilyn Madge Stricker, ang kalugud-lugod na munting bata na isinilang sa dako ng pagmimisyon, kung saan ang pakikibaka ay mahirap. Dalangin ko na Iyong pagpalain ang batang ito. Sa Biblia, dinala nila sa Iyo ang mumunting mga bata. Ipinatong Mo ang Iyong mga kamay at pinagpala sila, nagsabi, "Hayaan n'yo ang munting mga bata na lumapit

sa Akin, at huwag n'yo silang pagbawalan; dahil sa kanila ang Kaharian ng Langit.”

³³ Inilalagay siya ng nanay at tatay sa mga bisig namin, ngayon. Kami, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay inaakyat ang hagdan, sa ibayo, inilalagay ang bata sa Iyong mga bisig, sa pamamagitan ng pananampalataya. Iyo pong pagpalain ang kanyang buhay. Bigyan siya ng isang mahabang buhay, Panginoon. Nawa siya'y maging isang anak ng Diyos. Nawa'y mapaglingkuran Ka niya nang buong buhay niya, nang bawat hibla ng kanyang pagkatao, bilang isang lingkod ni Cristo. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Iyo pong pagpalain ang tatay at nanay, ang kanyang mumunting mga kapatid na lalaki't mga kapatid na babae. Nawa sila'y lumaki, rin, at maging maluwalhating pamilya para sa gawain ng Diyos.

³⁴ Ama, itinatagubilin namin sa Iyo si munting Marilyn Madge, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa isang buhay ng paglilingkod. Iyo pong pagpalain siya, at ang kanyang tatay, at ang kanyang nanay, at ang kanyang mga mahal sa buhay. At nawa mabuhay sila nang mahaba't, masayang buhay sa Iyong gawain. Sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³⁵ Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Stricker. Pagpalain ka ng Diyos. Mga pagpapala para sa kalugud-lugod na munting binibini.

Salamat, Teddy, iho.

³⁶ Gustung-gusto ko ang maliliit na bata. Hindi ba't kayo rin?

³⁷ Ilan ang di pa nakarinig dun sa pangitain na ibinigay sa akin ng Panginoon? Patingin po ng inyong mga kamay, ng mga hindi pa. Kapatid na Neville, baka nandiyan ang munting libro mo, marahil, siguro'y basahin mo ito para sa kanila riyan, sa susunod na ilang sandali o dalawa. Sa palagay ko . . . Sa banda rito, kung magagawa mo.

³⁸ [Bumabasa si Kapatid na Neville mula sa Pebrero, 1961 na *Full Gospel Men's Voice*—Pat.]

[Noong isang umaga nakahiga ako sa higaan ko. Kagigising ko lang nun mula sa pagkakatulog, at inilagay ko ang mga kamay ko sa likod ng ulo ko't ipinahinga ang ulo ko sa unan. Pagkatapos nagsimula akong mag-isip kung ano kaya ang itsura dun sa kabilang Ibayo. Naisip ko na nagugol ko na pala ang kalahati ng aking buhay kung mabubuhay ako nang kasing haba gaya ng angkan ko, at nais ko pang gumawa nang mas marami para sa Panginoon bago ko lisanin ang buhay na ito.]

[Nakarinig ako ng isang Tinig na nagsasabi: “Nagpapasimula ka pa lang! Magpatuloy ka sa pakikibaka! Magpatuloy ka lang!” Habang nakahiga ako roon na pinagbubulayan ang mga salita na 'yun,

naisip ko na baka guni-guni ko lang na naring ko ang isang Tinig. Muli nagsalita ang Tinig: “Magpatuloy sa pakikibaka! Magpatuloy lang! Magpatuloy ka lang!” Di pa rin naniniwala, naisip ko na baka ako lang ang nagsasabi ng mga salitang ’yun sa sarili ko. Inilagay ko ang mga labi ko sa pagitan ng mga ngipin ko at inilagay ang aking kamay sa ibabaw ng aking bibig at nakinig. Nagsalita muli ang Tinig: “Magpatuloy ka lang! Kung nalalaman mo lang kung ano ang nasa dulo ng daan!” Para bang nakarinig ako ng musika’t mga salita ng isang luma’t, pamilyar na awitin:]

[Ako’y nalulumbay at uwing-uwi na, at ang makita si Jesus ang aking lunggati,]

[Nais kong maulinigan ang matimyas na kalansingan ng mga kampanilya sa dakong pinagdadaungan,]

[Paliliwanagin nito ang aking tahakin at lahat ng pangamba’y sadyang paglalahuin;]

[Panginoon, Iyong itulot na matunghayan ko ang kabilang ibayo ng tabing ng panahon.]

[Pagkatapos nagtanong ang Tinig: “Nais mo bang makatunghay sa kabilang ibayo ng tabing?” Sumagot ako: “Makalilingap nga ito sa akin!”]

[Kung anong nangyari’y hindi ko masabi. Kung ako ba’y nasa katawan o nasa labas, o kung ito ba’y isang pagbabagong-anyo, hindi ko alam, pero ito nga’y di gaya ng ibang pangitain na nagkaroon ako. Nakikita ko ang dako kung saan ako dinala at nakikita ko ang sarili ko na nakahiga roon sa higaan ko. Sabi ko: “Kakaibang bagay ito!”]

[Naroon ang malaking bilang ng mga tao at sila’y tumatakbo para batiin ako, na sumisigaw: “Oh, ang aming kalugud-lugod na kapatid!” Unang dumating ang mga kabataang babae, na parang nasa kabataang beinte anyos, at habang yumayakap sila sa akin ang sabi nila: “Aming kalugud-lugod na kapatid!” Ang mga kabataang lalaki, sa ningning ng pagiging kabataang lalaki nila, na ang mga mata’y kumikinang gaya ng mga bituwin sa isang madilim na gabi, na ang mga ngipin ay kasing puti ng perlas, niyakap nila ako, na sinasabi, “Aming kalugud-lugod na kapatid.”]

[Pagkatapos napansin ko na ako, rin, ay naging kabataan uli. Tinanaw ko ang sarili ko roon at bumaling at tumanaw muli sa aking matandang katawan na nakahiga sa higaan na ang aking mga kamay at nasa likod ng ulo ko. Sabi ko: “Hindi ko maintindihan!”]

[Habang sinisikap ko na unawain ang dako kung nasaan ako, unti-unti kong napagtanto na walang kahapon at walang bukas sa dakong 'yun. Wala ni isa ang para bang napapagod. Habang ang isang malaking bilang ng pinakamagagandang kabataang babae na nakita ko kailanman ay yumayakap sa akin, nadiskubre ko na tanging dakilang pag-ibig lang ang naroon na lumukob sa akin at walang pisikal na atraksyon gaya sa kaugaliang pantao. Napansin ko na ang mga kabataang babaing ito lahat sila'y ang haba ng kanilang buhok na hanggang sa kanilang baywang at ang kanilang mga palda'y hanggang sa kanilang mga paa.]

[Pagkatapos nito, si Hope, ang aking unang asawa, niyakap niya ako, at nagsabi: "Aking kalugud-lugod na kapatid!" Pagkatapos isang kabataang babae ang yumakap din sa akin at bumaling si Hope at niyakap ang kabataang babae. Sabi ko: "Hindi ko nauunawaan ito. Ito'y ibang-iba kaysa sa pantao nating pag-ibig. Ayaw ko nang bumalik sa matandang katawan na 'yun sa higaan."]

[Pagkatapos isang Tinig ang nagsalita sa akin: "Ito 'yung ipinangaral mo kung ano ang Espiritu Santo! Ito 'yung sakdal na pag-ibig. Walang makapapasok Dito nang wala ito!"]

[Pagkatapos inangat ako at naupo sa mataas na dako. Sa buong palibot ko ay malaking bilang ng mga kalalakihan at mga kababaihan na nasa kasibulan ng kabataan. Sumisigaw sila, nang may galak: "Oh, aming kalugud-lugod na kapatid, kami'y nagagalak na makita kayo rito!" Sa isip-isip ko: "Hindi ako nananaginip, dahil nakikita ko ang mga tao at nakikita ko ang katawan ko na nakahigaron sa higaan."]

[Nangusap ang Tinig sa akin: "Alam mo na nasusulat sa Biblia na ang mga propeta'y natitipon kasama ang kanilang mga tao." Sabi ko: "Opo naaalala ko 'yun sa Mga Kasulatan, pero hindi ganitong karami ang mga Branham." Sumagot ang Tinig: "Hindi ito mga Branham. Ito'y mga naakay mo, sila na mga naakay mo sa Panginoon. Ang ilan sa mga kababaihan na ito na iniisip mo na kabataan at magaganda ay higit nobenta anyos na noong maakay mo sila sa Panginoon. Hindi nakapagtataka na sumisigaw sila, 'Aking kalugud-lugod na kapatid!'" Pagkatapos ang malaking bilang ay sumigaw nang sabay-sabay: "Kung hindi ka humayo dala ang Ebanghelyo, wala sana kami rito!"]

[Tinanong ko: "Oh, nasaan si Jesus? Nais kong makita Siya!" Sumagot ang mga tao: "Siya'y nasa mas mataas pa. Balang araw Siya'y darating sa iyo. Ipinadala ka bilang

isang tagapanguna, at kapag dumating ang Diyos, Kanyang hahatulan ka batay sa iyong turo.” Tinanong ko: “Sina Pablo at Pedro ba’y kailangan ding tumindig sa paghatol na ito?” Ang sagot ay: “Oo!” Sabi ko, “Ipinangaral ko ang ipinangaral nila. Hindi ako lumihis mula Rito patungo sa isang panig o sa kabila. Kung saan sila nagbautismo sa Pangalan ni Jesus, ginawa ko rin; kung saan nagturo sila ng Bautismo sa Espiritu Santo, ako rin. Anuman ang itinuro nila, itinuro ko, rin.”]

[“Alam namin ’yun,” ang sabi ng mga tao, “at alam namin na kami’y babalik sa lupa kasama ka balang araw. Darating si Jesus at hahatulan ka batay sa Salita na iyong ipinangaral sa amin. Pagkatapos ipresenta mo kami sa Kanya, at magkakasama ang lahat na babalik sa lupa para mamuhay nang magpakailanman.” Tinanong ko: “Kailangan ko bang bumalik sa lupa, ngayon?” Sumagot sila: “Oo, pero magpatuloy ka lang!”]

[Habang unti-unti akong kumikilos mula sa maganda’t, puno ng galak na dako na ’yun, sa abot ng tanaw ng mga mata ko, ang mga tao’y lumalapit papunta sa akin para yakapin ako, sumisigaw: “Aking kalugud-lugod na kapatid!”]

[Bigla na lang ay bumalik ako sa highaan uli. Sabi ko: “Oh, Diyos, tulungan Mo ako! Huwag ko nawa kahit kailan maikompromiso ang Salita. Ibunsod ako na manatiling tuwid sa Salita. Hindi ko alintana kung anuman ang gawin ng iba, Panginoon, Iyo pong ibunsod ako na makapagpatuloy patungo sa maganda’t, puno ng kagalakan na dakong ’yun!”]

[Ako nga’y higit na kumbinsido kahit kailan sa buhay ko na kailangan mismo ng sakdal na pag-ibig para makapasok sa dako na ’yun. Walang inggit, walang kapaguran, walang karamdaman, walang katandaan, walang kamatayan. Sukdulang kagandahan at kagalakan lang!]

[Anuman ang gawin n’yo, isantabi n’yo ang lahat hanggang sa makamit n’yo ang sakdal na pag-ibig! Sikapin n’yong marating ang kalagayan na ’yun kung saan iibigin n’yo ang lahat, maging ang bawat kaaway. Kahit na maalog ang eroplano, kahit kumikislap ang kidlat, o nakaumang man ang mga baril ng kaaway sa inyo, hindi mahalaga ang mga bagay na ito: kamtin n’yo ang sakdal na pag-ibig!]

[Kung hindi pa kayo ligtas, tanggapin n’yo si Jesus Cristo bilang inyong Tagapagligtas ngayon! Kung hindi pa kayo nababautismuhan sa tubig, magpabautismo na kayo ngayon! Kung hindi n’yo pa natatanggap ang Bautismo ng Espiritu Santo, tanggapin n’yo ito ngayon! Magpatuloy kayo sa pagtahak sa sakdal na pag-ibig na ’yun na

magdadala sa inyo sa maganda't puno ng kagalakan na dako sa ibayo ng tabing ng panahon!]

³⁹ Salamat, Kapatid, para diyan. Yan. . . Naisip ko, marahil, dapat mabasa ito ng ilan sa inyo. At kung wala pa kayo ng munting libro na ito, siyanga't, maaari kayong kumuha.

⁴⁰ Pagkatapos sa, ibabang bahagi ng pahina, naglagay siya ng kaunting pagsisingit tungkol sa pagmiministeryo roon. Hindi ko alam kung napansin n'yo ba o hindi, doon sa ibaba, matapos n'yong basahin 'yan. Doon po sa ibaba, may munting isiningit sa ibaba. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

⁴¹ Ngayon, halos bawat lingguwahe 'yan sa ilalim ng langit, kita n'yo, para—para mabasa sa palibot ng mundo.

⁴² Ngayon, “Ano—ano. . .” buweno, sasabihin n'yo, “para sa ano at sasabihin mo 'yan, Kapatid na Branham, bago ka manalangin para sa mga maysakit?”

⁴³ Ito'y dahil dito: para malaman natin na ang ating mga pagpapagal ay di mauwi sa walang kabuluhan. Kita n'yo? Kinakailangan nating dumulog sa Diyos sa pamamagitan ng lagusan na 'yan ng pag-ibig at pananampalataya. Dinadala tayo ng pananampalataya sa lagusan na ito. Ang pag-ibig naman ang magpapapasok sa atin. (Ipagpaumanhin n'yo ako.) [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

⁴⁴ Ngayon, sa palagay n'yo ba ang Diyos. . . Ngayon ating. . . Ngayon, ang pananampalataya n'yo ay makararating sa isang dako ngayon, sa palagay n'yo ba. . .? Ano sa palagay n'yo ngayon kung ang lahat ng pagpapagal na. . . pinagsusumikapan ng tabernakulong ito at ng mga grupong ito ng mga tao, para sa Kaharian ng Diyos? Marami rito ang tinitipid ang kanilang mga anak, para sa Kaharian ng Diyos. Marami rito ang humahayo kahit walang maisuot, para sa Kaharian ng Diyos. Marami ang binagtas ang mga bagyo, at naglakad na walang maisuot sa kanilang mga paa, para makapunta sa tabernakulo rito, ganoon nga, para sa Kaharian ng Diyos.

⁴⁵ Maiisip n'yo ba na ang isang pintor ay magpipinta ng kahanga-hangang larawan, maganda, hanggang sa ito'y maging maringal, at pagkatapos ay pupunitin lang? May kung anong mali sa pintor na 'yun. Maiisip n'yo ba ang isang kompositor na magsusulat ng awit hanggang sa ito'y maging maringal, at pagkatapos ay pupunitin lang ang kanyang—kanyang musika? May kung anong mali sa kompositor na 'yun. Kita n'yo? Walang anumang mali sa Diyos. Hindi gagawa ang Diyos ng isang bagay na gaya n'yan, na punitin lang at itapon. Ito'y para sa Kanyang Kaharian. Ito'y para sa Kanyang Kaluwalhatian.

⁴⁶ Bawat isa sa atin ay may bahagi na gaganapin sa larawan na ito at sa awitin na ito. Tayo'y mga bahagi ng Kaharian ng Diyos. At 'yun ay, para maganap natin ang ating mga bahagi, basta't napagkikilala natin kung saan ang posisyon natin, na kabahagi

sa dakong ito, at pagkatapos ay mananatili roon sa dako na 'yun. At alam natin ang isang dako, ito'y sa pag-ibig, dahil 'yan ang bumubuo sa larawan.

⁴⁷ Ngayon, mahirap kapag makakakita ka ng mga pangitain na gaya nito, at mga bagay-bagay, para maunawaan kung ano—kung ano ang naroon sa kabilang Ibayo. Sana alam ko. Isiningit ito nung lalaki sa ibaba rito, para sabihin na ang mga sinaunang propeta, kung papaanong sila'y nakakakita noon ng mga pangitain, at kung ano pa, at kung paano na, sa panahon ngayon, na higit pa sa bagay. . .Hindi natin ito maunawaan, pero ibinunsod tayo ng Panginoon na magpatuloy roon at makita kung ano ito.

⁴⁸ Ngayon, mga kaibigan, hindi ako tulog noon. At ako, sa pagitan lamang n'yo at ako, at sa iglesyang ito, wala po ako sa isang pangitain. Alam ko kung ano ang isang pangitain. Ang ilan dito, noong nakaraang linggo lang, nakailan din, halos tatlumpung beses, sa isang gabi, na mangyari ito. Maiisip mo kung anong bigat 'yun sa iyo. Pinanenerbiyos ka nun, siyempre.

⁴⁹ Ano kaya kung magtutungo ka sa isang pagtitipon na ganoon, at grabe ang responsibilidad, kung ang pagtitipon ay uusad nang tama o hindi, nakasalalay sa iyo, grabe—grabe ang responsibilidad? Kinakailangan mong sumagot sa bawat ministro, bawat tanong. Umusad man nang tama o mali ang pagtitipon, nakasalalay sa iyo ang responsibilidad, at sa iyo lang. Tingnan mo kung anong ibubunsod nun sa iyo.

⁵⁰ At naroon ang ilan sa mga kasamahan ko, na nagbebenta lamang ng mga aklat, at kung ano pa, na ninenerbiyos, kailangan nilang umuwi, kita n'yo, mahiga, ayaw nang pumunta sa simbahan kinagabihan. Naku! Oh, kaawa-awa. Gaya ng manugang kong babae, kalugud-lugod na munting Cristianong babae, si Loyce. Haya't—haya't sa pagpunta pa lang sa pagtitipon, sadya ngang. . .Nang walong sanlinggo, o pitong sanlinggo, tuluy-tuloy na gaya nun, mahihiga sa highaan nang isang araw o dalawa, kita n'yo, na kahit walang nakaatang na responsibilidad. Kita n'yo? Si Billy, ang gagawin lang ay mamigay ng kaunting prayer card, at sadyang nanlulupaypay na.

⁵¹ Pero, kita n'yo, ang buong bigat ay nakaatang sa akin. Kailangan kong dumepende sa inyo na ipanalangin ako. Kita n'yo? Maliban dun, sinasabi nila na—na ang dalawampung minuto ng—ng pangangaral, sa ilalim ng inspirasyon, ay maihahalintulad sa walong oras ng batak na pagtratrabaho, sa iyong katawan. Nangangaral ako nang dalawa o tatlong oras kada gabi; kung minsan tatlong beses pa sa isang araw. Kita n'yo?

⁵² At pagkatapos paano pa ang isang pangitain? Pinanghina ng isang pangitain lang ang Panginoon nating Jesus. Ganoon

nga. Sinabi ng Biblia na hinipo ng isang babae ang Kanyang damit, at Siya'y nanghina. Buweno, kung pinanghihina Siya ng isang pangitain, Siya, na Anak ng Diyos; paano pa kaya ako, na isang makasalanan na iniligtas ng biyaya, ano pa kaya ang dulot ng tatlumpu sa isang gabi? Kita n'yo? Ito'y. . . Kung hihinto lang tayo para isipin, 'yun nga'y higit sa kaya ng sinumang tao. Hindi ito kaya ng katawan ng tao. Ako'y masasadlak sa isang institusyon ng mga baliw sa kung saang dako, na hinahampas ko ang ulo ko sa pader. Kita n'yo? Ito'y—ito'y isang kahinaan na hindi n'yo. . . Ito'y kahinaang panloob, kita n'yo, na talagang mapapatay kayo nito.

⁵³ Ngayon, pero para sa ano't nagpapatuloy ka? Marahil sasabihin ko ito. Nakikita ko si Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Cox, diyan, si Rodney at ang maybahay niya, at kapatid na babae, rito, mula sa likod diyan, mga bagong akay. May isang Lupain, na naroon sa isang ibayo sa kung saang dako, na kung iisipin n'yo sa isip n'yo at makikita ang tanawin na Ito, Ito nga'y pinaka maluwalhating bagay. Ito'y sulit sa bawat pagpapagal na pinagsisikapang natin. Kita n'yo?

⁵⁴ Ngayon, bago ipanalangin ang mga maysakit, marahil sasabihin ko muna ito:

⁵⁵ Ano kaya kung ang isang munting sanggol, bago ito maisilang, kunin natin 'yan na halimbawa, isang munting sanggol na nabubuhay sa sinapupunan ng nanay, nang siyam na buwan, at ang munting sanggol na 'yun ay nakakapag-isip? Sasabihin nun, "Alam n'yo? Sinasabi nila na malapit na akong ipanganak. Buweno, anong gagawin ko roon sa labas? Wala akong nalalaman na anuman kundi itong dako lang na ito na kinabubuhayan ko rito. Dito ko kinukuha ang lakas ko sa loob. At paano ako mabubuhay doon sa labas? Sinasabi nila sa akin na may araw daw roon na sumisikat. Sinasabi nila sa akin na ang mga tao roon ay naglalakad-lakad. At wala akong ibang nalalaman kundi ang dakong ito rito. Ito lang ang tanging nalalaman ko, dito sa—sa sinapupunan ng nanay ko. Dito ako dala-dala. Ito lang ang dako na nalalaman ko, dito sa sinapupunan na ito. At sinasabi nila sa akin na sa labas ay may mga silid at mga silid!"

⁵⁶ Buweno, ang munting sanggol na 'yun ay talagang matatakot, na maipanganak. Tama ba? Matatakot nga 'yun nang lubha, dahil ito'y magtutungo sa isang dako na wala itong nalalaman na anuman, na mas maigi, milyong beses na mas maigi pala, kaysa sa kinabubuhayan nito. Hindi nito malalaman kung ano ba ang lahat ng tungkol dito, kaya sasabihin nito, "Paano na, anong gagawin ko?" Lubha nga itong matatakot, na maipanganak, pero tayo na nakatira rito, buweno, tayo na naroon noon, ayaw na nga nating bumalik pa roon, ayaw na nating bumalik sa sinapupunan ni nanay muli. Kita n'yo? Hindi, ayaw na nating gawin 'yun.

57 At ganoon din ito kapag tayo'y mamamatay na, kaibigan. Oh Diyos! Kita n'yo? Kayo'y iniluluwal sa isang Dako. Hindi pa kayo nakapunta Roon noon. Hindi n'yo Ito maapuhap, kung gaanong kadakila Ito. "Paano—paano kaya sa dakong 'yun Doon? Ako . . ." At ang tanging bagay na magbubunsod sa akin na mapagtanto, o inyong mapagtanto, ay yaong munting hipo ng Buhay, gaya ng espiritu na dumako roon sa sanggol na nasa sinapupunan ng nanay nito. Kita n'yo? Ganoon lamang natin mauunawaan kung ano ang dakilang Lupain na 'yun doon sa ibayo, kung kailan wala nang sakit, wala nang hapis, walang kamatayan, walang pagtanda, walang kung anuman. Oh, grabe!

58 Hayan nga, pagdako n'yo Roon, ayaw n'yo nang bumalik pa sa isang lugar na gaya nito, gaya sa isang sanggol na ayaw nang bumalik sa sinapupunan ng nanay nito. Kita n'yo? Higit nga na mas maganda sa kabilang Ibayo, kita n'yo, sa dako Roon. Hindi natin Ito maunawaan, tunay nga, hindi natin kaya. Aba't, kung paano mismo na lampas 'yun sa kayang liripin ng munting sanggol, ganoon din na higit ito sa anumang pang-unawa natin kung ano ang naroon sa dakong 'yun Doon, kita n'yo, dahil tayo'y nasa sinapupunan ng mundo, na nakahanda nang ipanganak anumang oras, tungo sa isang bagong Kaharian, isang bagong Mundo.

59 At ganoon ang pakiramdam ko sa mga pangitain na ito at mga bagay na tulad nun, o sa kung anuman 'yun na nangyari sa akin noong araw na tumawid ako, sa labas mismo, at nakita kung ano Yun, at pagkatapos bumalik dito.

60 Maiisip n'yo ba ang isang sanggol at—at may—may kaalaman kung ano, kung gaanong kaluwalhati rito na maglakad-lakad, makita ang mga punongkahoy na sumisibol, ang mga ibon ay nag-aawitan, ang araw ay sumisinag, at isang buhay na kagaya nito, at pagkatapos ay makulong sa isang sinapupunan? Aba, ayaw n'yo na ngang bumalik, pa.

61 Buweno, pagkatapos, tayo, ang ating—ating pag-iisip ay mamamanhid, sa panig na 'yun, o sa pagsisikap na isipin kung ano ang naroon sa dako Roon. Yamang, sinasabi ng Kasulatan, "Hindi nakita ng mga mata, hindi narinig ng tainga, o nakapasok man sa puso ng tao ang bagay na inilaan ng Diyos para sa kanila, na nakalaan, sa kanila na umiibig sa Kanya." Kita n'yo? Kaya nalalaman natin kung gaanong kaluwalhati ang kabilang Ibayo. Balang araw, ang kamatayan, ang tinatawag nating kamatayan, ay magkakaloob sa atin ng bagong Kapanganakan, at dadako tayo sa kabilang Mundo, sa kabilang Ibayo.

62 Kapatid na George, hindi ka na matanda't, pilay, sa dako Roon. At Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Spencer, at ang ilan pa sa atin na mas matanda, at kung ano pa, at tayo'y kabataan sa dako roon magpakailanman.

Itong matandang . . . Itong balabal ng laman ay
 aking ilalaglag, at papailanlang
 At kakamtin ang gantimpala na walang
 katapusan,
 At sisigaw, habang sa alapaap ay dumadaan,
 “Paalam, paalam, matimyas na oras ng dasal!”

63 Tapos na ang lahat, sa panahon na 'yun. Wala nang mahahabang gabi ng pananalangin, wala na. Papasok tayo sa kabataan, na puno ng kagalakan na edad para dumako Roon, hindi nang isang taon lang, o limampung taon, o isang milyong taon, pero tayo'y nasa dako Roon na sa sandaang bilyong taon, ay hindi pa nga tayo nagsisimula. Ganoon nga. Kaya bakit di tayo magalak sa umagang ito? Bakit di tayo magbunyi? Bakit di natin pakinabangan ang bawat dakilang bagay na ibinigay sa atin ng Diyos?

64 Heto ang Makalangit na kagalingan. Bakit pa nilatay si Jesus; kung pupunitin lang ang lawaran, na sasabihin, “Walang ganoong bagay rito”? Nilatay Niya ang Kanyang katawan noon, lumabas ang tadyang, na, “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay tayo'y gumaling.” Huwag nating punitin ang larawan, sa umagang ito. Yakapin natin Ito, tanggapin Ito.

65 Ngayon, kapatid, at bawat isa sa inyo ngayon na ipapanalangin, kung kayo po'y makatatayo sa palibot ng altar. Habang inilalahad ang mensahe, mga ilang sandali ang nakararaan, sa pamamagitan ng interpretasyon at mga wika, para ipatong natin ang ating mga kamay sa mga maysakit at masdan ang dakilang mga gawa ng Diyos.

66 Ngayon, aming kapatid, hindi n'yo na kailangang tumayo, kapatid, na nakaratay diyan sa banig. Kami ang lalapit sa iyo.

67 Pero kung mayroon pang iba rito na ipapanalangin, na nais tumayo sa palibot ng altar, habang ang kapatid at ako ay mananalangin at magpapatong ng mga kamay sa maysakit, pumarito na kayo ngayon. At alalahanin n'yo, yakapin n'yo ang larawan na 'yan, “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay tayo'y pinagaling.”

68 “Hindi ko po ito nauunawaan, Panginoon.” Tunay, hindi. Nandiyan ka pa sa sinapupunan ng mundo.

69 Pero inihanda Niya ang mga paghahanda na 'yun. At hindi Niya . . . Bakit pa Siya nilatay? Para punitin lang ang larawan, o punitin 'yung awitin, tapos itatapon lang? Hindi, po. Siya'y nilatay, nasugatan, at nagdugo, para tayo'y gumaling. At sa pamamagitan nun, tayo, “Sa Kanyang mga latay, tayo'y pinagaling,” ang bawat isa sa atin. Ngayon, habang lumalapit kayo, na nagtitipon sa palibot ng altar para maipanalangin.

70 Ngayon, marami rito sa kagila-gilalas na Amerikanong pagibanghelyo, at sinasabi-sabi, “Gawin n'yo ang *ganito*, gawin ang *ganoon*.”

71 May isang bagay na nais kong maging tapat sa inyo, kaibigan ko. Ang bagay, ang paraan ng pagpapagaling ng Diyos, ay sa basehan ng paglilingkod sa Kanya. Kita n'yo? Ito'y sa basehan kung maglilingkod ka sa Kanya. Kailangan nating tanggapin ang ating kagalingan sa basehan, na, tayo'y maglilingkod sa Kanya pagkatapos na tayo'y pagalingin. Ngayon, ang sabi ng Biblia, "Mangagpahayagan kayo ng mga kasalanan, sa isa't isa. Magdalanginan kayo para sa isa't isa, na kayo'y gumaling." Kita n'yo? Ito'y sa basehan, na paglilingkuran n'yo ang Diyos. Marami sa inyo rito, marahil, ang nasa naghihinalang kalagayan, at kayo'y—kayo'y siguradong mamamatay nga kung walang bagay na mangyayari. Kung ganoon nais ko na kayo, sa inyong puso . . .

72 Ngayon, marahil papahiran namin kayo ng langis, amin kayong ipapanalangin, ng pastor at ako, mananalangin ng panalangin na may kalakip na pananampalataya, gagawin ang lahat ng magagawa namin, pero hindi 'yun magdudulot ng mabuti hanggang sa kayo mismo'y makapasok sa pakikisama kay Cristo. Kita n'yo? Kinakailangan n'yong makapasok sa pakikisama na 'yun, na, "Ako po, Panginoon . . ."

73 Nakikita ko ang isang—isang—isang kabataang binibini na naglalakad diyan ngayon. Nagpunta siya rito, di pa katagalan sa bahay, na siya'y may kung anong parang isang tumor, o Hodgkin's disease. At siya'y isang Methodist, sa pananalig. Sa palagay ko'y tama nga, hindi ba, kapatid? At may malaking bukol siya sa tagiliran. At ngayon hayan siya na nakatayo, pinagaling na.

74 Nakikita ko si Kapatid na babaing Weaver na nakatayo rito, na dati'y isa sa may malalang kanser na kaso na nakita ko, sa buong buhay ko. At ang unang bagay na tinanong ko sa kanya, ay kung siya ba'y magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo at ihahayag ang kanyang mga kasalanan. Noong dalhin ko siya sa tubig dito, kailangan ko nga siyang alalayan; napakapayat niya, ang mga braso niya, talagang payat na payat. At siya'y nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. At 'yun ay halos sampung taon na ang nakakaraan, hindi ba, kapatid? [Sinasabi ni Kapatid na babaing Weaver, "Hindi po. Labing-anim na taon na ang nakararaan."—Pat.] Labing-anim na taon na ang nakararaan. Labing-anim na taon ng pinagbigyang buhay, dahil siya'y handang pumasok sa pagtalima. Sa panahon na ang pinaka magagaling na mga doktor sa palibot dito . . .

75 Hayan nga't, ang sarili niyang doktor ay nagsabi sa akin. Noong, sabihin ko sa kanya—sabihin sa kanya, na sinasabing, "Siya'y pinagaling na."

76 Sabi, "Oh, oh! Mamamatay na siya sa kanser, ilang linggo na lang. Huwag ka nang mag-aksaya ng panahon. Mamamatay na siya. Sa ilang mga linggo, mamamatay na siya." At tinaningan na siya ng doktor ng isang araw para mabuhay. At heto po siya,

ngayon, pagkatapos ng labing-anim na taon, na nakatayo sa may altar. Ano pa ang masasabi ko, nang paulit-ulit, at paulit-ulit!

⁷⁷ Ngayon, hindi 'yan ginagawa ng Diyos sa isa Niyang anak, at pagkatapos ay hindi ito gagawin sa isa pang anak. Ginagawa Niya ito para sa lahat na Kanyang mga anak. "Ang sinuman na lumapit." Ito'y . . . Kayo'y inaanyayahan sa Kanya. Ngayon, "Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas ng maysakit." Sinabi 'yan ng Biblia.

⁷⁸ Ngayon—ngayon, kung . . . ang nais kong gawin n'yo, ay ihayag ang inyong mga pagkakamali sa Diyos, at sabihin, "Panginoon, pagalingin Mo po ako." Kung hindi pa kayo napagbabagong-loob, ibigay n'yo na ang mga puso n'yo kay Cristo. At kung hindi pa talaga kayo nabautismuhan, sa tubig, sa Pangalan ni Jesus Cristo, may dakong bautismuhan na nakahanda. Kita n'yo?

⁷⁹ At itong munting binibini sa tawid ng kalsada rito; noong ang di-naniniwala sa Diyos na ito roon ay napagbagong-loob nito. Noong siya'y nakaratay . . . Pinauwi nila siya mula Silvercrest, na may TB, na naghihingalo na. At noong dumako ako roon, haya't binigyan ako ng Panginoon ng pangitain, sabi, "Siya'y gagaling."

⁸⁰ At kanyang kinatagpo ako roon, noong sumunod na umaga, si G. Andrews, at talagang binulyawan ako. Sabi, "Isa 'yang maling pagpapaasa, sa babae!"

⁸¹ Sabi ko, "G. Andrews, hindi po ito maling pagpapaasa. Ang babae ay isang Cristiano. At kapag kaya na niya, siya'y magpapabautismo."

⁸² At ang sabi niya, "Naghihingalo na siya." Sabi, "Ako . . . Paano na lang siya makakauwi mula Silvercrest?"

⁸³ Sabi ko, "Ginoo, ang tinitingnan mo, ang iyong . . . Ang tinitingnan mo, ang tinitingnan mo ay kung ano ang sinasabi ng doktor. Nakatingin ako sa bagay na sinabi ng Diyos." Kita n'yo?

⁸⁴ Ngayon, may pagkakaiba nga, sa kung ano ang tinitingnan n'yo. Kita n'yo? Kung titingnan n'yo ang sinasabi ng doktor, siguradong mamamatay ka nga. Pero kailangan n'yong tumingin sa kung ano ang sinabi ng Diyos. Kanino bang salita ang pipiliin n'yo?

⁸⁵ Ano kaya kung tumingin noon si Abraham sa opinyon ng doktor tungkol sa pagiging sandaang taong gulang niya, at magkakaanak sa asawa niya, na nobenta na? Ano na lang ang gagawin niya? Kita n'yo? Aba, sasabihin ng doktor, "Ang lalaking 'yun ay baliw." Pero ibinilang 'yun sa kanya ng Diyos na katuwiran, dahil siya'y nanampalataya sa Diyos. Kita n'yo? Ngayon, inyong . . .

⁸⁶ At nabuhay ang babae. Nakaligtaan niya noon na magpabautismo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, dahil sa palagay

ko parang Methodist o Presbyterian siya. Siya'y nagsimulang lumala nang lumala ang sakit. At nagpunta siya't dinulugan si Grace Weber, na nakatira lang, o, nakatira lamang doon, ang anak nga niyang babae, nagbalabal, at pumunta rito, at nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, maski may lagnat, na may sakit na mga bukol na kumalat na sa buong balikat niya't lahat, may lagnat, na sandaan at apat ang temperatura. At nabautismuhan dito mismo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. At siya'y nakatira sa tawid lang ng kalsada mula rito. Marahil nakaupo siya rito ngayon. Tumingin-tingin ako sa paligid para makita ko siya, mga ilang minuto ang nakararaan. Kita n'yo? Pagsunod, kita n'yo.

⁸⁷ Hindi nga ito basta pag-iikot lang...Iba ako rito sa ilan sa mga kapatid natin, na nagpapatong lang ng mga kamay sa *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*, nang paganoon, at nagsasabi na ipangyayari ito ng kung anong uri ng kagilangilalas na pananampalataya. Hindi ganoon. Kinakailangan na taglay n'yo ang tunay, na solido't, nasa Biblia, na Espiritu Santong pananampalataya. Kita n'yo? Hindi ganoon, hindi 'yun magtatagal. Hindi 'yun pangmatagalan.

⁸⁸ Yan ang dahilan kung bakit napapasalamat ko ang Panginoon sa pagtulog Niya sa akin hanggang ngayon. Ang—ang—ang mga pagpapagaling na nangyari ay pawang totoo, dahil tunay ang pagkakatatag nito sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Kaya naman tatayo ito.

⁸⁹ Ngayon—ngayon, habang ang munting Sunday school, naghihintay lang ako pansumandali, habang nakikipag-usap sa inyo, hanggang sa makadako sila sa mga lugar nila, sa puwesto nila, para makatahimik tayo ngayon. May kaunting minuto pa tayo, mananalangin tayo, sisimulan nating manalangin.

⁹⁰ Ngayon, nais ko na ang bawat isa sa inyo ay ihayag ang inyong mga kamalian sa Diyos, at mangako sa Diyos na inyong paglilingkuran Siya at gagawin ang lahat ng magagawa n'yo. At ang pastor at ako'y mananalangin, at lalapit para patungan kayo ng mga kamay, at siguradong gagaling kayo kung sasampalataya kayo rito.

⁹¹ Papanong ang mga tao na 'yun na nakasaklay, at bingi, at pipi, at bulag, noong nakaraang Linggo ng hapon, ay lumapit mismo sa entablado, na itinapon nila ang kanilang saklay; umakyat sa entablado, na ang mga mata'y nabuksan, alam n'yo, kagaya nun? Makasandaan na sandaan ang bilang nila! Hanggang sa, ako'y nanghina, na halos buhatin na nila ako mula sa lugar na 'yun, dahil sa pagkakatatayo nang matagal, at ang mga tao'y dumadaan sa pila. Kita n'yo? Yung pila ay aabot mula rito sa Jeffersonville High School, halos, ang pila, na mga dumaan sa pila. At hindi ko alam kung mayroon mang isa sa kanila, na dumaan dun, kundi gumaling lahat. Kita n'yo?

Dahil sila'y lumapit sa basehan ng tunay, na totoong Cristianong pananampalataya at sumampalataya. Sila . . . Marapat lang na mangyari.

Ngayon iyuko n'yo ang inyong mga ulo, ang bawat isa, tulongan n'yo ako na ipanalangin sila.

⁹² Panginoong Jesus, dinadala namin sa Iyo, sa umagang ito, ang mga tagapakinig na nakatayo rito, na naghihintay, na mga may sakit, nagdadalamhati, nagdudusa na mga anak. Wala na silang kapaga-pagasa, marami sa kanila, Panginoon, sa paggagamot ng mga doktor, lalo na ang lalaking ito na nakaratay rito sa banig na ito. Sa pamamagitan lamang ng biyaya Mo o siya'y yayao na sa mundo nang ilang araw na lang. At di maikakaila, may ilan marahil na nakatayo rito sa may altar, na may nakaamba na sa kanila na mga atake sa puso, at mga karamdaman, at mga pagdadalamhati na hahapak sa kanila.

⁹³ May isang bagay lang, Ama, na makaliligtas sa kanila, 'yun ay, ang dumako sa ibayo ng limang pandama rito ng katawang ito, kung saan masinsinan nang sinubukan ng mga doktor, di maikakaila, para isalba ang kanilang buhay; mga sakit, kanser, TB, sakit sa puso. At ang lahat ng remedyo, at mga tubo, at mga materyales, at—at—at medisina na panlaban sa mikrobyo, ang kaaway nga'y nakakapuslit pa rin, para kunin ang kanilang buhay.

⁹⁴ At aking ipinapahayag, Panginoon, ako'y sumasampalataya, sa Iyong opinyon, ukol sa kanila. At narinig ko ang lalaki na nagsalita sa iba't ibang wika sa umagang ito, at ibinigay ang interpretasyon nun, kung ano ang mangyayari ngayong araw. Ang ilan sa kanila'y tatanggapin ito, Panginoon, tunay nga. Ganoon mismo. Sinasampalatayanan ko ito.

⁹⁵ At ngayon, gaya ng nasusulat sa Biblia, ang David na 'yun, ang munting binatilyong pastol, ay nagbabantay ng mga tupa ng kanyang tatay, doon sa likod ng ilang. At isang araw may isang leon na dumating at sinakmal ang isa sa mga tupa ng kanyang tatay, at tinangay ito. At ang munting binatilyong pastol na 'yun, kalakip ang pananampalataya, ano ba ang dala na ginamit niya para kalabanin ang leon na ito? Hindi isang modernong mahabang baril o anumang baril. Kundi may munting tirador siya, at pinuntahan niya ang leon. Pinatay niya ang leon na 'yun, at nabawi niya ang tupa. Isang oso ang dumating at tumangay ng isa; tinunton niya ang oso na 'yun na kung tutuusin ay kaya siyang daganan nun sa lupa. Pero hindi niya inisip ang laki ng oso, o ang lakas ng leon, o ang tulin niya, o ang inabilidad niya sa paggamit ng tirador.

⁹⁶ Anupa't noong tumayo siya sa harap ni Saul na hari, ang sabi niya, "Ang iyo pong lingkod ay nagpapistol noon ng mga tupa ng kanyang ama, at may leon na nakapasok at kumuha ng isa, at tumalilis. At sinundan ko siya at binawi ang tupa pabalik." Sabi

niya, “Ang siya ring Diyos na nagligtas sa akin mula sa kamay, o mula sa kalmot ng oso na ’yun, o sa mga pangil ng leon na ’yun, ay kaya ring gapiin ang di-tuling Filisteo na ito at ibigay siya sa aking kamay.”

⁹⁷ Alam na alam na natin ang kuwento, na kanya ngang napaslang mismo; kanyang napatay ang lalaking ’yun na marami’t, maraming beses na mas malaki kaysa sa kanya, at isang mandirigma. Ganoon na lamang ang gulat ni Saul, ang dakilang hari na ’yun, na dakila’t, makapangyarihang lalaki, kung papaanong ang maliit na binatilyo’y nagkamit ng ganoong pananampalataya sa isang tirador. O hindi pala, hindi sa isang tirador, kundi sa Diyos.

⁹⁸ Ngayon, Panginoon, sa pagkakatayo nila sa palibot ng altar na ito, na nakaratay sa banig na ito, ang tupa ng Diyos, mumunting mga tupa, gaya kung ano Siya, noon. Sila’y nasakmal ng isang leon na tinawag na kanser, isang oso na tinawag na TB, iba pang mga sakit na nasakmal sila, at tinangay sila, at pinaggutay-gutay sila. Panginoon, aking—aking tutugisin ang mga ito, dala ang isang munting tirador na ang tawag ay panalangin ng pananampalataya. Hindi man ito ganoon kaenggrande, pero nalalaman ko kung ano na ang mga nagawa nito. At alam ko na ito pa rin ang siyang Diyos. Aking tutuntunin sila, sa umagang ito, para bawiin sila, Panginoon, madala sa isang malilim na luntiang pastulan ng mabuting kalusugan, sa tabi ng tahimik na mga tubig ng kapayapaan, at malayo sa kanilang kaguluhan, para sumampalataya sa Iyo.

⁹⁹ At akin silang tinutunton, suot ang baluti na Iyong ibinigay para makipagbaka. “Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa may sakit, at ibabangon sila ng Diyos. Kung mayroon silang anumang kasalanan, ito’y ipapatawad sa kanila.”

¹⁰⁰ At, Ama, kami’y humahayo na ngayon para kaharapin ang kaaway, para kaharapin ang leon, para kaharapin ang—ang diyablo sa bawat anyo na kanyang kinalalagyan, na tinawag na kanser, TB, Hodgkin’s disease, sakit sa puso, ano pang sakit. Humahayo kami para hanapin siya, at dadalhin pabalik ang tupa na ito pabalik sa Bahay ng Diyos uli. Sa Pangalan ni Jesus Cristo kami’y humahayo, para gamitin ang tirador na Iyong ibinigay sa amin. Ikaw po nawa’y sumaamin, Ama, habang may pagpipitagan kaming dumudulog sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus.

¹⁰¹ Nais kong panatilihin n’yo na nakayuko ang inyong mga ulo. At lalapit po kami para magpahid ng langis, at magpatong ng mga kamay sa mga maysakit, at ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa mga maysakit. Bawat Cristiano rito, ilagak n’yo ang inyong pananampalataya sa pilang ito para sa pananalangin.

[Ang pila para sa pananalangin ay tumagal nang tatlo't kalahating minuto, marami sa mga sinasalita ni Kapatid na Branham ay di marinig maigi—Pat.]

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus!

Ama, aking sinasaway ang diyablo! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

Lumapit ka at sampalatayanan ito . . . ? . . . at ito'y ipangyayari! . . . ? . . .

Panginoon, Iyong . . . ? . . .

Diyos . . . ? . . .

¹⁰² Panginoon, Iyong . . . Isinulat Mo ang oportunidad. Ikaw ang Malapit na Kamag-anak, Cristo! . . . ? . . . Sa Pangalan ni Jesus Cristo!

¹⁰³ “Ang panalangin na may pananampalataya ay magliligtas sa mga maysakit.” Hinihiling ko po na Iyong ipangyari ito para sa kanya. Ipanumbalik siya sa pagiging isang malusog na babae! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipanumbalik siya!

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipanumbalik siya! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinanunumbalik ang aking kapatid na babae.

Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ipinanunumbalik ang kapatid kong lalaki! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Jesus Cristo! . . . ? . . .

Hindi mo ito ginawa. Pagpalain ka ng Panginoon!

Akin itong tinutunton, sa umagang ito! . . . ? . . .

¹⁰⁴ Sa Pangalan ni Jesus Cristo, akin kang ipinanunumbalik, sa pamamagitan ng isang panalangin ng pananampalataya, palayo sa gapos! . . . ? . . . Aming idinaragdag ang aming pananampalataya sa mga ito . . . ? . . .

Only believe;

Habang nakayuko ang ating mga ulo ngayon. Ngayon:


Only believe, only believe,
 . . . things are possible, only believe.
 O Lord, I believe, O Lord, I believe,
 All things are possible . . .

Itaas natin ngayon ang ating mga kamay.

. . . Lord, I believe;
 O Lord, I believe; Lord, I believe,
 All things are possible, Lord, I believe.

¹⁰⁵ Makalangit naming Ama, sila na mga kayang tumayo, ay nagtaas ng kanilang mga kamay, na pagpapakita na kanilang tinanggap ito. Ang kapatid na lalaking ito na nakaratay sa banig, ay tumayo, para ipakita na kanyang tinanggap ang kanyang kagalingan. Nananampalataya kami, Panginoon, sila’y payapang naglalakad na ngayon pabalik sa malilim na luntiang mga pastulan, sa tabi ng mga tubig ng kapahingahan, para umigi ang lagay uli, sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus. Kami’y nagpapasalamat sa Iyo para rito. Amen.

¹⁰⁶ Sige po, Kapatid na Neville, ako’y mauupo rito at makikinig sa iyong pangangaral ngayon.

¹⁰⁷ [Kanina sa pangangaral ay nabanggit ni Kapatid na Branham ang “munting isiningit” ni Kapatid na Thomas R. Nickel, ang Tagapatnugot ng Full Gospel Men’s Voice, na nakalagay sa unang pahina ng artikulo, na ganito ang sinasabi roon: “PATUNGKOL SA LITRATO SA PAMBUNGAD NA PABALAT: Sa Panahon ng Biblia, may mga kalalakihan ng Diyos na mga propeta’t mga tagakita. Pero sa buong Sagradong Tala, wala rito ang mas dakila sa pagmiministeryo ni William Branham, na isang propeta’t tagakita ng Diyos, na ang kanyang litrato ay nasa pambungad na pabalat ng isyu na ito ng Full Gospel Men’s Voice. Si Branham ay ginagamit ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus, para ibangon ang mga patay!”—Pat.] 

SA KABILA NG TABING NG PANAHO TAG61-0305
(Beyond The Curtain Of Time)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Marso 5, 1961, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org